

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

22 ng Disyembre

2017-12-22

Leksyonaryo Bilang 198

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Balang Araw | Silvino Borres Jr SJ at M. Francisco SJ  
Bayan, Magsiawit na! | Arnel Aquino SJ  
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÁ

UNANG PAGBASA..... 1 Samuel 1:24-28

Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon,  
nang maawat na si Samuel,  
dinala siyá ng kaniyang ina sa Templo sa Silo.  
Nagdala pa siyá ng isang torong tatlong taon,  
tatlumpu't anim na litrong harina at isang pitsel na alak.  
Nang maihandog na ang baka,  
dinala nila kay Eli ang bata.

Sinabi ni Ana,  
"Kung natatandaan ninyó,  
akó po yaong babaing tumayo sa tabi ninyó noon  
at nanalangin sa Panginoón.  
Idinalangin ko sa kaniyá na akó'y pagkalooban ng anak  
at ito po ang ibinigay niyá sa akin.  
Kaya naman po,  
inihahandog ko siyá sa Panginoón  
upang maglingkod sa kaniyá habang buhay."  
Pagkatapos nito,  
nagpuri silá sa Panginoón.

TUGÓN SA SALMO

1 Samuel 2

Vic Romero

F C F C

Andante (♩ = c. 98)

D'yos kong Ta - ga - pag - lig - tas, pi - nu -

3 F/A C F

pu - ri ki - tang wa - gas.

Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulá sa *Ang Pagpapahayág ng Salitâ ng Diyos*  
 © 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,  
 Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhiyá.  
 Tugtugin © 2010-2016 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

**SALMO: 1 Samuel 2:1, 4-5, 6-7, 8abcd**

Pinupuri ko kayó, Poon,  
 dahil sa kaloob ninyó sa akin.  
 Pinagtatawanan ko ngayon ang aking mga kaaway,  
 sapagka't iniligtas ninyó akó sa kadustaan.

Nagapi ninyó ang mga makapangyarihan,  
 at pinalalakas ninyó ang mahihina.  
 Kaya, ang dating mayayaman ay nagpapaupa para mabuhay.  
 Masagana ngayon ang dating maralita.  
 Ang dating baog, nagsiláng ng mga anak,  
 at ang maraming supling ay sa lungkot nasadlak.

Kayó, Poon, ay may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay.  
 Maaari ninyó kaming patayin, maaari ring buhayin.  
 Maaari ninyó kaming payamanin o paghirapin,  
 maaari ring ibaba o itaas.

Mapadadakila ninyó kahit ang pinakaaba,  
 mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha.  
 Maihahanay ninyó silá sa mga maharlika,  
 mabibigyan ng karangalan kahit na ang dustang-dusta.

**MABUTING BALITÁ**.....Mabuting Balita ayon kay San Lucas 1:46-56

Noong panahong iyon, ipinahayag ni Maria ang awit na ito:

“Ang puso ko’y nagpupuri sa Panginoón,  
 at nagagalak ang aking espiritu  
 dahil sa Diyós na aking Tagapagligtas.

Sapagkat nilingap niyá ang kaniyangabang alipin!

At mula ngayon, akó’y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,  
 dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan.  
 Banal ang kaniyang pangalan!

Kinahahabagan niyá ang mga maytakót sa kaniyá,  
 sa lahat ng sali’t salinglahi.  
 Ipinakita niyá ang lakas ng kaniyang mga bisig,  
 pinangalat niyá ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niyá ang mga hari mula sa kanilang trono,  
 at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niyá ng mga mabubuting bagay ang mga nagugutom,  
at pinalayas niyáng wala nianuman ang mayayaman.

Tinulungan niyá ang kaniyáng bayang Israel,  
bilang pagtupad sa pangakó niyá sa ating mga magulang,  
kay Abraham at sa kaniyáng lahi, magpakailanman!”

Nanatili si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan,  
at saka umuwi.

### PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

O Hari't batong panulukang Saligan ng sambayanan, halina't kami'y idangal.

**O Hari**  
DISYEMBRE 22

VIC ROMERO

*Andante* (♩ = c. 88)

C G/B Am D C G

Al-le-lu-ia, Al-le-lu-ia, Al-le-lu-ia!

Em Am D Em G Am

O Ha-ri't ba-tong pa-nu-lu-kan, sa-li-gan nang sam-ba-ya-

Em Am Em Am Em

nan, ha-li-na't ka-mi ay i-da-ngal.

Ulitin ang Alleluia.

Tugtugin © 2013-2016 Vic Eclar Romero. All rights reserved. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)

### HOMILYA

#### PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

#### PANALANGIN NG BAYAN

- . . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- . . b. Para sa mga Kinaúukulan

- . . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

## LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

### MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Halina, O Emanuel

Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ

Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

### SANTO, SANTO, SANTO

### PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

### DAKILANG AMEN

### PANALANGIN NG PANGINOÓN

### KORDERO NG DIYÓS

### MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)

Pananatili | Noel Miranda

Pagkakaibigan | Charlie G. Cenzone SJ

Tubig ng Buhay | Lionel Valdellon

Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

Awit (Salmo) 063 | Victor Eclar Romero

Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

### MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Maliban na Mahulog sa Lupa |

Awit (Salmo) 067 | Victor Eclar Romero

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».

Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin  
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

22 ng Disyembre | 2017-12-22 | Leksyonaryo 198 | Gulóng 2

Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society.

[www.bible.org.ph](http://www.bible.org.ph)

Litúrhiya. Filipino. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)